## PROSESO:

1. Kapag ang mga pinagsama-samang grupo o asosasyon ng magpapalay ay nakaayon na sa mga kwalipikasyon at nabuo na sa isang *cluster*, magpadala ng liham kahilingan na nais mapabilang sa programa sa DA-4A at naka-address sa ating *Regional Executive Director.*

2. Susuriin ng *validation team* batay sa mga kwalipikasyon ang bubuong *cluster*.

3. Magsasagawa ng:

   a. *Profiling*

   b. *Enterprise Assessment*

   c. *Cluster Development Plan* - ito ay limang taong plano ng *cluster* kabilang ang pagbalangkas ng *mission* at *vision,* pagtukoy ng *baseline data, current market,* at *target market.*

   d. *Capacity Development Plan*

## BENEPISYO:

- Mabibigyan ng libreng *trainings* tungkol sa *organizational management, financial, production, at value-adding*

- Prayoridad na mapagkalooban ng mga interbensyon tulad ng binhi, abono, pestisidyo, makinarya, irigasyon at iba pa.

- Gabay sa merkado.



REGION IV CALABARZON

**DEPARTMENT OF AGRICULTURE**
**REGION IV-CALABARZON**


Regional Agriculture and Fisheries Information Section
2023

Lipa Agricultural Research and Experiment Station (LARES) Brgy. Maraouy, Lipa City, Batangas



Department of Agriculture RFO 4-A

https://calabarzon.da.gov.ph/


# RICE CLUSTERING & CONSOLIDATION

# RICE CLUSTERING AND CONSOLIDATION

Taong 2020 naibalangkas ang programang *Farm and Fisheries Clustering and Consolidation* o *F2C2* ng *Department of Agriculture.*

Ito ay alinsunod sa *Administrative Order No. 27, Series of* 2020 at *Memorandum Circular No.* 21, 2022.

Ang programa ay binuo upang palakasin ang sektor ng agrikultura at pangisdaan sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangunahing estratehiya tungo sa isang moderno at industriyalisadong agrikultura sa Pilipinas kabilang ang konsolidasyon at *clustering* na pamamaraan.

## BILANG NG NABUONG RICE CLUSTERS SA CALABARZON:

| TAON | CLUSTERS |
|---|---|
| 2021 | 14 |
| 2022 | 9 |

## 2023

**19**
CLUSTERS





Sa taong 2023, karagdagang 19 na *clusters* ang *target* na mabuo sa rehiyon.


# LAYUNIN NG F2C2 - RICE

Mapabuti ang buhay ng mga magpapalay sa pamamagitan ng pagbibigay tulong at gabay sa:

- Pagkamit ang *economies of scale.*
- Paglakas ng sistema simula produksyon hanggang *marketing* o ang *value-chain approach.*
- Pagtitiyak na napapanahon ang mga kasanayan sa produksyon.
- Pagbibigay akses sa *credit.*
- Teknolohiya sa makabagong pamamaraan ng pagsasaka.
- Mekanisasyon ng sakahan at *postharvest.*
- Mga pasilidad sa pagproseso, pamilihan, imprastraktura, transportasyon at logistik, suporta sa *packaging.*
- Mga makabuluhan at napapanahong impormasyon patungkol sa industriya ng pagsasaka.

# KWALIPIKASYON SA F2C2:

1. Dapat ang 75% na miyembro o higit pa ay rehistrado sa *Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA).*



2. Ang samahan ay dapat rehistrado nang *at least* isang taon sa *Local Government Unit* (LGU) bilang Barangay *Micro Business Entity, Cooperative Development Authority* (CDA), *Securities and Exchange Commission* (SEC), at *Department of Labor and Employment* (DOLE).




3. May *minimum rice production area* na 100 ektarya ang mabubuong *cluster.*

